Linya ng Suporta sa COVID-19 para sa Matatanda

Ang Linya ng Suporta sa COVID-19 para sa Matatanda ay nagbibigay ng impormasyon, sumusuporta at nag-uugnay sa mga matatandang Australyano.

Ang ilang matatanda ay madaling mahawahan ng COVID-19 ngunit hindi masyadong konektado sa internet at nangangailangan ng mga paraan upang ma-access ang impormasyon para sa kanilang sitwasyon. Ang Linya ng Suporta sa COVID-19 para sa Matatanda ay nagbibigay ng impormasyon at suporta.

Maaaring tawagan ng mga matatandang Australyano, kanilang mga pamilya, mga kaibigan at mga tagapag-alaga ang FREECALL 1800 171 866 kung sila ay:

- nagnanais makipag-usap sa isang tao tungkol sa mga paghihigpit sa COVID-19 at ang epekto nito sa kanila
- nalulungkot o nag-aalala tungkol sa isang mahal sa buhay
- nag-aalaga ng isang tao at kailangan ng ilang impormasyon o ng isang makakausap
- nangangailangan ng tulong o payo tungkol sa pagpapalit ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na kanilang tinatanggap
- nangangailangan ng tulong sa pag-access ng mga bagong serbisyo sa pangangalaga o mga kailangang-kailangang suplay tulad ng pamimili
- nag-aalala para sa kanilang sarili, isang kaibigan o kapamilya na may Demensiya
- nagnanais na asikasuhin ang isang minsanan o regular na pagsusuri para sa kabutihan ng kanilang sarili, o ng ibang tao.

Ang mga matatandang Australyano, kanilang mga kamag-anak, mga tagapag-alaga, mga kaibigan o mga tagasuporta ay maaaring:

- tumawag sa **1800 171 866**
- 8.30nu – 6ng AEST Lunes hanggang Biyernes
- para sa anumang impormasyon o serbisyo na maaaring kailanganin nila.

Ang Linya ng Suporta sa COVID-19 para sa Matatanda ay magkasanib na inisyatiba ng:

- COTA Australia,
- Dementia Australia,
- National Seniors at
- OPAN,
- sinusuportahan ng pagpopondo mula sa Pamahalaang Australya.

Suporta ng Translating and Interpreting Service (TIS)

Ang matatandang Australyano na hindi nagsasalita ng Ingles ay maaaring:

- tumawag sa TIS National sa 131 450,
- humiling ng isang interpreter, at
- humiling na maiugnay sa Linya ng Suporta sa COVID-19 para sa Matatanda o banggitin ang numero ng telepono na 1800 171 866 na ikokonek.